
HUL 2025 AGHAM AT TEKNOLOHIYA PARA SA REBOLUSYON TOMO V BL 3

AGHAM BAYAN

EDITORYAL

# Tugunan ang mga suliranin ng A&T sa Pilipinas, itaguyod ang pambansang industriyalisasyon

WALANG MAKABULUHANG NAPALA ang sambayanang Pilipino sa tatlong taon ng rehimeng US-Marcos, kaya walang bago sa State of the Nation Address ni Marcos Jr. Habang ipinagyayabang niya ang paimbabaw na pag-unlad sa agrikultura at industriya, wala pa ring pagbabago sa pundamental na katangian ng lipunan ng Pilipinas. Nananatili itong malakolonyal at malapyudal. Nakatali pa rin ang ating bansa sa pag-aangkat ng ating batayang pangangailangan mula pagkain hanggang langis, habang ang ating murang paggawa at likas-yaman ay iniluluwas nang walang pagsasaalang-alang sa epekto nito sa mga mamamayan at kalikasan. ▶ 2



Kuliglig

**PERSPEKTIBA / Pakikibaka sa pananaliksik: Kalagayan ng mga RA sa agham-pangkalikasan sa UP ▶ 4**

**PAGSULONG / Sa landas ng rebolusyon: Bakit sumali si Ka Langga sa BHB ▶ 7**

## NILALAMAN

EDITORYAL / Tugunan ang mga suliranin sa A&T sa Pilipinas, itaguyod ang pambansang industriyalisasyon **1**

PERSPEKTIBA / Pakikibaka sa pananaliksik: Kalagayan ng mga RA sa agham-pangkalikasan sa UP System **4**

PAGSULONG / Buhay pultaym ng mga rebolusyonaryong siyentista **6**

PAGSULONG / Sa landas ng rebolusyon: Bakit sumali si Ka Langga sa BHB **7**

SIYENSYANG HUKBO / Ang makakilos na may pinsala sa gulugod **9**

NEWSBYTES / Abr - Hun 2025 **10**

KULTURAL **10**

RECAP / Serye ng pagkilos, inilunsad ng LAB sa panahon ng reaksyunaryong eleksyon **12**

*Ang Agham Bayan ay inilalathala ng **Liga ng Agham para sa Bayan (LAB)**, na may layuning pataasin ang kamulatan ng siyentistang Pilipino ukol sa mga isyung panlipunan. Nakatuon ito sa pagpapalaganap at paggamit ng agham para sa bayan at sa masang Pilipino, sa balangkas ng pambansang demokrasya at pagpapalaya.*

**EMAIL**
agbay_lab@protonmail.com

Ito ang lipunang humuhubog sa buhay na karanasan ng mga propesyunal, manggagawa, at mag-aaral sa agham at teknolohiya (A&T). Bawat araw, ang ating mga kasama sa sektor ng agham at teknolohiya ay humaharap sa papahirap at papataas na halaga ng pamumuhay, mababang kalidad ng edukasyong pang-agham, teknolohiya, inhinheriya, at matematika *(science, technology, engineerng, and mathematics* o STEM sa Ingles), delay sa sahod, pagtatapyas sa pondo, at kawalan ng kontrol at desisyon sa pananaliksik. Bawat araw, ang ating bansa ay nalulugmok sa krisis sa ekonomiya at politika. Ang lahat ng ito ay nakatali sa hindi pag-unlad ng sektor ng manupaktura at kawalan ng lokal na mga industriya — kaya araw-araw, pinapaalalahanan tayo ng pangangailangan ng pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon at ng pagtataguyod ng 12-puntong programa ng NDFP bilang sagot sa problema ng ating bayan.

### Atrasado at bansot

Malinaw, kahit labas sa sektor ng STEM, na ang A&T sa Pilipinas noon pa man ay bansot at atrasado na. Napakababa ng inilalaan sa pananaliksik at pagpapaunlad, habang nananatiling napakaliit ng badyet ng pamahalaan para sa A&T. Iilang paaralan at pamantasan lang ang may de-kalidad na edukasyong pang-agham. Lahat, mula sa mga *researcher* hanggang sa mga *IT professional*, ay nakadepende sa banyagang teknolohiya at pagmamay-ari para magampanan ang kanilang mga trabaho. Dahil nga sa kawalan ng lokal na industriya, mangilan-ngilan lang ang mga trabaho't oportunidad sa loob ng ating bansa; karamihan sa mga propesyunal sa STEM ay napipilitang mag-iba ng landas o mangibang-bayan para sa mas masaganang buhay.

Ang kalagayang ito ay hindi dahil sa pagkakamali sa ating kasaysayan, bagkus ay resulta ng sistematikong pagpapanatiling bansot at atrasado ang Pilipinas. Nasa interes ng mga imperyalistang kapangyarihan, partikular ng Estados Unidos, na panatilihin ang ganitong kalagayan ng ating bansa at pati na rin sa tinatawag na *'developing' world*. Ang pagpapanatili ng pagkabansot at pagkaatrasado na A&T ay pumipigil rin sa ating makalikha ng iba't ibang kalakal para sa lokal na paggamit, at pinapanatili ang ganitong katayuan ng ating bansa para lagakan ng mga labis na produkto't teknolohiya mula sa mga imperyalistang bayan.

Ang mga imperyalistang kapangyarihan ay may kakayahang impluwensyahan ang mga patakaran ng ating bansa sa

**Ang atrasado at bansot na kalagayan ng A&T ay hindi dahil sa pagkakamali sa ating kasaysayan, bagkus ay resulta ng sistematikong pagpapanatiling bansot at atrasado ang Pilipinas. Nasa interes ng mga imperyalistang kapangyarihan na panatilihin ang ganitong kalagayan ng ating bansa.**

A&T dahil sa kanilang mahigpit na kontrol sa ating ekonomiya. Ang planong "pagpapatatag" ng ating sektor sa pananaliksik at pagpapaunlad, na binalangkas sa Philippine Development Plan 2023 – 2028 ng reaksyunaryong rehimen, ay nakapaloob sa neoliberal na patakarang pinapanaig ng imperyalismo — ang pananaliksik at pagpapaunlad na nakabase sa pamilihan, pagbibigay-diin sa pampubliko at pribadong kolaborasyon, at ang layuning "dagdagan ang mga dayuhang korporasyong mamumuhunan sa pananaliksik at pagpapaunlad ng bansa." Itong mga pinabangong pangako ng pagsulong ng A&T sa bansa ay para pagtakpan ang patuloy na pagkadepende at pagpapasakop sa dayuhang kapital, pag-una sa dikta ng pandaigdigang merkado, sa halip na pagtugon sa pangangailangan ng mamamayang Pilipino.

Habang ang mga lokal na naghaharing-uri at kanilang mga imperyalistang kasapakat ay kumakamal ng sobra-sobrang tubo sa ganitong kalagayan ng bansa, wala sa kanilang interes ang magpundar sa pagpapaunlad ng agham at teknolohiyang tunay na nagsisilbi sa pangangailangan ng mga Pilipino.

### Ang pangangailangan para sa pambansa-demokratikong rebolusyon


Ang mga hungkag na pahayag at gasgas na mga pangako ng pag-unlad mula sa reaksyunaryong gobyerno ay hindi mapagtatakpan ang tunay na kalagayan ng sektor ng A&T ng Pilipinas. Ang kabansutan at pagiging atrasado ng A&T sa ating bayan ay damang-dama ng bawat bagong inhinyerong nagtitiis sa napakababang sahod; ng bawat mananaliksik na pinapahirapan ng masahol na burukrasya para lang makakuha ng pondo; ng bawat propesyunal ng IT na palipat-lipat sa mga dayuhang kumpanya nang walang seguridad sa trabaho. Malinaw na dapat baguhin ang ganitong sitwasyon, at ang sagot ay ang pambansa-demokratikong rebolusyon.

> **Pambansang industriyalisasyon ang susi sa maraming problema sa A&T ng Pilipinas. Kaalinsabay ng tunay na reporma sa lupa, babaliktarin ng pambansang industriyalisasyon ang ekonomiyang nakatuon sa pag-eksport at nakadepende sa import ng ating bansa, at magtatayo ng ekonomiyang nagsasarili na inuuna ang pangangailangan ng sambayanang Pilipino.**

Dahil hindi naman kusang babaguhin ng naghaharing uri ang kasalukuyang kaayusan ng ating lipunan, at makikipaglaban sila nang patayan para manatili sa kapangyarihan, dapat lang silang patalsikin. Higit pa rito, ang layunin ng rebolusyon, na nakapaloob sa 12-puntong programa ng NDFP, ay nag-aalok ng malinaw na mga kasagutan sa iba't ibang sakit na bumubulok sa lipunang Pilipino, kasama na ang sektor ng A&T.

Pambansang industriyalisasyon ang susi sa maraming problema sa A&T sa Pilipinas. Kaalinsabay ng tunay na reporma sa lupa, babaliktarin ng pambansang industriyalisasyon ang ekonomiyang nakatuon sa pag-eksport at nakadepende sa import ng ating bansa, at magtatayo ng ekonomiyang nagsasarili na inuuna ang pangangailangan ng sambayanang Pilipino. Kumpara sa kasalukuyang kalagayan, ipinapangako ng pambansang industriyalisasyon ang pagpapakilos ng malaking bilang ng mga propesyunal ng STEM para sa pambansang kaunlaran, sa iba't-ibang industriya kung saan sila kinakailangan.

Marami pang kailangang gawin sa paglalarawan ng pambansang industriyalisasyon at pagpapatotoo nito. Mangyayari ito kung patuloy nating ilalapit ang mga propesyunal ng STEM sa masa at sa rebolusyon. Ang hamon sa ating mga rebolusyunaryo sa agham at teknolohiya ay magpatuloy sa ating gawaing magmulat, mag-organisa, at magpakilos mula sa ating sektor. ▼




PERSPEKTIBA

# Pakikibaka sa pananaliksik: Kalagayan ng mga RA sa agham-pangkalikasan sa UP System

Gaea Sumulong    Nikola Magbanua

MAARING HINDI SIYENTISTA ang unang pumapasok sa isipan ng mga Pilipino kapag trabahong malaking kita ang usapan. Kawalan ng mga lokal na industriya at pagdepende sa dayuhang teknolohiya at pag-aangkat ang dahilan kaya kakarampot ang pondo ng pamahalaan pagdating sa *research and development* (R&D), na siyang dahilan naman ng kakaunting oportunidad para sa mga mananaliksik. Ang iilang oportunidad at trabaho para sa mga siyentista ay binabagabag pa ng burukrasya, pagtatapyas sa budget, pagsagka sa kagalingan at kapakanan ng mga siyentista, at iba pang mga isyu. Kaya naman, masalimuot ang kanilang karanasan sa ganitong larangan, lalo na ng mga baguhang siyentista.

Ito ang katotohanan sa ating lipunang malakolonyal at malapyudal, kung saan ang agham at teknolohiya ay nananatiling bansot at atrasado. Ang mga kondisyong ito ang nagtutulak sa mga propesyunal sa STEM palapit sa pambansa-demokratikong rebolusyon, nang may pagbibigay-diin sa pagsusulong ng pambansang industriyalisasyon para sa kapakinabangan ng mga mananaliksik sa agham ng sambayanang Pilipino sa kabuuan.

**Araw-araw na paghihirap**

Para kay Nara, isang *research assistant* (RA) sa agham-pangkalikasan *(natural sciences)* na nagtatrabaho sa University of the Philippines (UP) System, tunay na ramdam ang hirap na dinadanas ng mga baguhang siyentista. Ang mga kontraktuwal na RA sa kanyang departamento ay nakararanas ng delay sa sahod na umabot ng halos anim na buwan. Kalahating taon iyon ng utang, diskarte, at "swerte na lang" para makaraos.

"Kung tutuusin, ilan sa mga katrabaho ko, mga nagsipagtapos ng may mataas na karangalan, mga masisipag talaga," ibinahagi ni Nara. "Nakakapanlumo na makita silang mawalan ng interes sa pananaliksik kasi hindi sila napapasahod sa tamang oras."

Nakaugat itong problema sa pamamahala ng UP System at sa mga nagpopondo ng mga proyekto (na kadalasan ay ang Department of Science and Technology, o DOST). Ang ganitong kaayusan ay bahagi lamang ng mas malaki pang problema: dahil ang mga RA ay karaniwang project-based, walang permanenteng posisyon sa kanilang departamento. Kapag natapos na ang proyekto, kinakailangan muling maghanap ng RA ng panibagong trabaho – at muli, sa malakolonyal at malapyudal nating lipunan, wala namang mahanap na trabaho.

"Sa madaling salita, walang kasiguraduhan sa trabaho ang mga baguhang mananaliksik sa STEM sa Pilipinas," ika ni Nara. "Dahil nga kakaunti lang ang mga oportunidad para sa mga nagsisimulang mananaliksik, nag-aagawan pa sila kahit sa mga trabahong napakababa ng pasahod. At dahil doon, marami sa kanila ang napipilitang maghanap ng ibang hanapbuhay na 'di hamak ay mas mataas ang pasahod. Ang iba ay pumapasok sa pagme-medisina, habang ang iba naman ay napupunta sa BPO. Kaya hindi rin nakapagtatakang napakaliit ng

nailuluwal nating mga research sa bansa, dahil kakaunti ang mga nananaliksik."

**Pagbubuo ng kwento**

Hindi lamang si Nara at ang kanyang mga katrabaho ang nakararanas ng ganitong suliranin. Ang mga RA na nagtatrabaho sa mga *higher education institutions* (HEI), partikular sa agham-pangkalikasan, ay kadalasang nakakaranas ng delay sa sahod, isyu sa pagbabayad ng buwis at iba pang mga problema patungkol sa kapakanan ng mga RA. Dagdag pa ito sa mga palagiang isyu sa kontraktwalisasyon, tulad ng kawalan ng benepisyo at seguridad sa trabaho.

Ito ay direktang naka-dugtong sa mababang pamumu-hunan sa R&D sa pangkabuuan. Mula taong 2020 hanggang 2022, 0.16% lamang ng GDP ng Pilipinas ang nakalaan para sa R&D. Mas maaba ito kumpara sa ibang mga bansa tulad ng Vietnam (0.42% noong 2021) at Cuba (na may abereyds na 0.46% mula 2018 hanggang 2022), at higit na mas mababa sa abereyds GDP sa buong mundo (2.45% sa kaparehong panahon). Ang kawalan ng pampubliko at pampribadong pamumuhunan ay nangangahulugan ng kakaunting oportunidad para sa mga nakapagtapos at propesyunal ng STEM, kontraktwal imbes na regular na trabaho, at limitadong sakop ng pananaliksik. Kaya hindi nakapagtatakang mula sa datos ng World Bank, mababa rin ang bilang ng mga mananaliksik sa Pilipinas sa bawat milyong populasyon, na nasa 170 lamang noong 2018 (ayon sa pinakabagong dayos na mayroon), malaking agwat kumpara sa Malaysia (2,110) at Cuba (2,054).

Inilalantad ng reaksyu-naryong rehimen ang kanyang sarili sa kawalan ng pagpaprayoridad sa pananaliksik at pagpapaunlad kada taon sa pamamagitan ng General Appropriations Act. Ang badyet ng DOST sa taong 2025 – isa sa pangunahing pinagkukunan ng pondo ng mga proyekto na ginagawa ng mga RA sa mga HEI – ay nasa 0.05% lamang ng kabuuang budget. Kahit may bahagyang pagtaas ng kabuuang alokasyon mula 2024, tinatakpan lamang nito ang pagtatapyas ng pondo sa mga proyekto at mga tanggalan sa loob mismo ng departamento.

**Patuloy ang pakikibaka**

Ang karanasan ni Nara bilang RA ay lalong nagpatibay ng kanyang kapasyahang ipaglaban ang pangmatagalang pagbabago. Bilang kasapi ng LAB, patuloy siyang nagpapakilos ng mga kapwa siyentista para sa pambansa-demokratikong rebolusyon.

"Simula nang magtrabaho ako, ang krisis ng pananaliksik sa STEM sa Pilipinas ay naging mas matingkad sa akin," ibinahagi ni Nara. "Dahil sa karanasan kong ito, lalong dapat itaguyod ang pambansang industriyalisasyon at iba pang puntong nakasaad sa 12-puntong programa ng NDFP."

Para kay Nara, ang pambansang industriyalisasyon ay magbibigay ng oportunidad at trabaho para sa mga mananaliksik at lokal na produksyon ng mga kemikal at kagamitan sa laboratoryo. Salungat ito sa kasalukuyang kalagayan kung saan ang ating bansa ay nakaasa sa pag-aangkat ng mga materyales na ginagamit sa pananaliksik. Ang pambansang industriyalisasyon, sa kanyang paniniwala, ay magpapahintulot sa mga Pilipino na tiyakin ang direksyon ng pananaliksik, na magbibigay-daan sa lubos nating paglinang sa pananaliksik at pagpapaunlad sa Pilipinas.

Sa kasalukuyan, mahaba pa ang lalakbayin para marating iyon. Pero sa pamamagitan ng mga talakayang hinggil sa isyu ng mga RA, pati na rin ng pagpaplano para sa mga kampanya, petisyon, dayalogo, at mobilisasyon, naniniwala si Nara na dadami at dadami pa ang mga siyentistang kikilalanin ang pangangailangan ng pambansa-demokratikong pakikibaka. Bahagi nito ang pagrerekluta nang mas marami pang siyentista sa LAB.

"Lahat ng mga suliraning ito ay nakaugat sa imperyalismo, sa malakolonyal at malapyudal nating lipunan. Para sa akin, pinapakita nito na hindi natin madadaan sa mga reporma at purong siyensya lamang ang sagot sa ating mga problema. Ang sagot ay ang pambansa-demokratikong rebolusyon, at kailangan nating gawin ang lahat ng ating makakaya para maisakatuparan ito." ▼





PAGSULONG

# Buhay pultaym ng mga rebolusyonaryong siyentista

Ka Hibla Reb Guerrero

BUMUBULUSOK SA KRISIS ang malapyudal at malakolonyal na lipunan. Bunga nito, nahaharap ang maraming rebolusyonaryo sa mas matinding hamon: ang tahakin ang landas ng pagiging buong-panahon o pultaym na aktibista. Ano kaya ang mga salik na tumutulak sa mga katulad nating peti b na mag-pultaym? Kinapanayam ko ang dalawang organisador sa hanay ng mga siyentista at makakalikasan na matapang na tumugon sa hamong ito — sina Ka Luis at Ka Gene.

**Ka Luis**

*Biology graduate* si Ka Luis, na ngayon ay magdadalawang taon nang pultaym. Pinili niyang talikuran ang karaniwang buhay ng pagiging alipin ng salapi at sa halip ay sumuong sa gawaing masa. Ginagamit niya ang kanyang kaalaman sa siyensya upang mulatin ang mga komunidad sa isyu ng kalikasan at kalagayang panlipunan.

Hindi naging madali ang kanyang desisyon na mag-pultaym. Hanggang sa kasalukuyan ay binubuno pa rin niya ang araw-araw na pagbabadyet sa bahay dahil sa limitadong pinansya. Bukod pa rito, pagsubok din ang pagpapaintindi sa kaniyang pamilya sa naging desisyon niya. “Bilang nag-iisang aktibista sa pamilya, ako pa lamang ang naglakas-loob na hamunin ang pananaw nila. Hindi madali, puno ng iyakan at diskusyon,” aniya. Pilit siyang pinapakiusapan ng kaniyang pamilya na gumaya sa iba’t maghanap ng ‘hindi magulo’ na trabaho o kaya’y mangibang-bansa. Sa kabila nito, patuloy ang puspusang pakikipag-usap, pagpapaliwanag, at pagbabahagi ng kwento upang maipaunawa sa pamilya ang halaga ng kanyang piniling landas.

Para kay Ka Luis, ang pagiging pultaym ay higit pa sa makabuluhang buhay — isa itong matatag na dedikasyon sa sarili, sa kapwa, at sa bayan. “Masaya at *fulfilling* maging pultaym! Mas nakikilala mo ang sarili, ang masa, at ang lipunan kapag buong-panahon mong inilalaan sa kanila ang iyong lakas at talino.”

**Ka Gene**

Si Ka Gene ay relatibong baguhan na pultaym na organisador sa isang unibersidad sa Metro Manila. Pagkatapos niyang grumadweyt sa isang *allied health* na kurso, nagdesisyon siyang subukan ang pagiging pultaym sa loob ng limang buwan upang makatulong sa pagmumulat at pag-oorganisa sa mga mag-aaral at komunidad.

Sa maiksing panahong ito, naramdaman niya ang pagmamahal at mainit na pagtanggap ng mga masa sa komunidad sa pambansa-demokratikong alternatibo sa gitna ng kabulukan ng reaksyunaryong halalan. Ang mga karanasang ito ang nagtulak sa kaniya na ipagpatuloy pa ang pagiging pultaym. “Higit pang marami ang masang kailangang abutin at pukawin upang masamantala ang humihinog na kondisyon para

sa pagsusulong ng tunay na pagbabago sa lipunan," aniya.

"Malaking tulong ang pagmamahal at suporta ng kolektiba," sagot ni Ka Gene noong tinanong siya kung paano hinaharap ang mga kontradiksyong kaakibat ng kanyang desisyon. Sa tuwing dinadalaw siya ng panghihinayang at pagkainggit sa mga kaklase noong kolehiyo, nakatulong sa kanya ang pagiging bukas sa mga kasama.

"Sa panahon na pilit na tinutumbasan ng salapi ng kapitalistang sistema ang limitadong oras at lakas na meron ang mga tao, napakahalaga ng pagsasakripisyo ng buong-panahon para sa rebolusyonaryong pagkilos. Pagpupugay sa mga pultaym na kagaya ko!"

Kagaya nila Ka Gene at Ka Luis, laksa-laksang kabataang estudyante at mga propesyunal sa sektor ng agham at teknolohiya ang namumulat na sa karahasan ng mapanamantalang kaayusan ng lipunan. Habang ginagamit ng estado't naghaharing uri ang teknolohiya upang supilin ang mamamayan, patuloy na lumalakas ang tawag ng tungkulin sa mga siyentista at inhinyero na pagsilbihan ang rebolusyon. Napatunayan na sa piling lamang ng masang anakpawis tunay na malilinang ang mapagpalayang potensyal ng teknolohiya. Siyentista't makakalikasan, ilapat ang mga kaalaman sa agham at pag-aralan ang lipunan! Buong panahong ialay ang husay, talino, at buhay sa rebolusyon, hanggang sa tagumpay! ▼

PAGSULONG

# Sa landas ng rebolusyon: Bakit sumali si Ka Langga sa BHB

Ka Gigi  August, Reb Guerrero

ISANG MAULANG HAPON, nagkita kami ni Ka Langga sa isang café sa Maynila. Sa simula, tahimik si Ka Langga — mahinahon magsalita, pero may lalim sa bawat salitang binibitawan. Pero habang tumatagal ang aming usapan, unti-unting lumabas ang apoy sa kanyang loob — isang apoy na nagtulak sa kanya para sumampa sa Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Hindi naging madaling desisyon para kay Ka Langga ang pagsapi niya sa BHB. Isang dating estudyante ng kursong *computer engineering* sa isang pribadong unibersidad, nagmula siya sa isang petiburgesyang pamilya na may kakayahan. Sa kabila nito, pinili niyang maging rebolusyonaryo nang mamulat siya sa realidad ng lipunang Pilipino at sa kawastuhan ng rebolusyon.

**Q: Bakit ka nagpasyang mag-pultaym sa Hukbo?**

**KL:** Noon pa lang kahit hindi pa kumikilos, nakikita ko na may kailangang gawin para baguhin ang lipunan. Kaya sa panahon na pinakilala ang programa ng rebolusyonaryong kilusan, tinanggap ko na iyun. Sa patuloy na pagkilos, mas naging mahipgit ang kagustuhan kong maglingkod sa pinakamataas na porma ng pagkilos dahil ito ang pinakaepektibong paraan sa pag-a-*advance* ng rebolusyon patungong tagumpay. Kaya nagdecide akong mag-TOD *(tour*



**"Paano mo naman masasabi na mali tayo kung mismo ang masa, kahit may dala-dala kaming mahahabang baril, pinapapasok kami sa kanilang tahanan at nagbabahagi ng kanilang pagkain at espasyo sa pagpapahinga? Noong ginamot ng masa ang sugat na para ba siyang nag-aalala para sa anak niya!"**

*of duty)* ng anim na buwan sa loob ng BHB at doon mas umigting ang aking kagustuhan na magsilbi doon nang buong-panahon.

Mas naging matibay ang kapasyahan kong magpultaym dahil mas na-aaffirm na wasto ang Partido (Partido Komunista ng Pilipinas) at ang rebolusyon sa aking karanasan. Hindi ka papabayaan ng masa at tanggap din nila ang rebolusyon. Sila na pinakapinagsasamantalahan sa lipunan ay may puwang pang pakainin ang mga mandirigma natin, mag-deliver ng suplay para sa pagpapanatili ng hukbo, at paglalahok sa mga rebolusyonaryong gawain. Paano mo naman masasabi na mali tayo kung mismo ang masa, kahit may dala-dala kaming mahahabang baril, pinapapasok kami sa kanilang tahanan at nagbabahagi ng kanilang pagkain at espasyo sa pagpapahinga? Noong ginamot ng masa ang sugat na para ba siyang nag-aalala para sa anak niya! Noong inimbayt kami ng masa na dumalo sa kaarawan ng anak niya; o yung umiyak ang masa dahil aalis na kami sa tirahan nila para maglipat ng base. Mahal ka ng masa dahil alam nilang wasto ang pagrerebolusyon!

**Q: Ano ang mga naging kontradiksyon mo sa iyong pagpasya?**

**KL:** Naging malaking kontradiksyon ko ang pag-alis nang hindi nakakapagpaalam nang maayos sa pamilya. Sa una, hindi ko pa na-i-*internalize* agad ang magiging itsura ng buhay ko pagkatapos ko magpasya. Noong nag-TOD ako, mas napatatag ang kapasyahang magpultaym sa CS *(countryside* o kanayunan) dahil nakita na ito nang buo at napatunayan ang kawastuhan at pangangailangan na maglingkod bilang mandirigma.

**Q: Ano-ano ang mga nakikita mo sa kanayunan na hindi mo nakikita rito sa kalunsuran?**

**KL:** Una, nakita ko ang gubyerno natin – ang Partido, na ginagalang at lumalakas sa kanayunan. Pangalawa, makikita mo ang pinakamagagandang mga bagay doon, sa loob-looban ng mga masusukal na gubat, matatarik na bundok, at mga gabing puno ng kulisap! Mga simpleng bagay na mapapahalagahan mo dahil masarap mabuhay sa lupang ito! Kahit na sa kabilang banda ay puno ng sakripisyo, makikita mo ang tunay na atin. Ang pulitikang atin na hindi pa nakikita sa kalunsuran ngayon. Sa kanayunan mo unang-una makikita ang pag-iral ng isang makatarungang gubyerno.

**Q: May mami-*miss* ka ba sa kalunsuran?**


**KL:** Oo naman! Mami-*miss* ko ang buhay ko noon. Mami-*miss* ko ang mga taong minamahal ko – ang pamilya ko, mga kasamahan ko sa pagkilos, mga kaibigan ko, ang ka-relasyon ko. Mami-*miss* ko rin ang 24 Chicken at leche flan! Marami akong mami-*miss* pero ayos lang 'yon dahil tanggap ko na kailangan ko silang ma-*miss* para isulong ang pakikibakang mapagpalaya. Mas masaya kaysa sa malungkot kasi tunay at wasto ang landas na tinatahak. ▼



SIYENSYANG HUKBO

# Ang makakilos na may pinsala sa gulugod

Anonymous Cassandra Bigwas



SA MGA SONANG GERILYA, hindi maiiwasan ang mga aksidente. Siyempre, may mga aksidenteng mas mahirap tugunan kung sa konteksto ng pakikidigmang gerilya. Si Ka Max ay abala sa pagkuha ng pagkain para sa aming yunit nang malaglag siya mula sa itaas ng isang puno at mapuruhan ang likod. Nakaranas siya ng matinding sakit at hindi halos maigalaw ang kanyang mga binti. Nang madala namin siya sa base, tingin ng aming grupong medikal ay nagtamo siya ng spinal shock, at aabutin ng hindi bababa sa dalawang buwan bago siya makapaglakad muli.

Maituturing na itong emergency kung sa kalunsuran ito nangyari. Sa kanayunan, aabutin ng ilang kilometro ang layo at may nakaamba pang operasyong militar sa pinakamalapit na ospital. Kaya talagang nakasalalay ang buhay ng baldadong Pulang mandirigma sa kamay ng kanyang mga kasama at ng masa. Inako agad ng grupong medikal ang pag-aalaga kay Ka Max, habang pinagplanuhan ng komand ng aming yunit ang mga dapat gawin para masigurado ang kaligtasan ni Ka Max at ng buong yunit.

Alam namin na mahihirapan kaming maging makilos kung mananatili sa namin si Ka Max. Sa panahong iyon, ang aming yunit ay nasa loob ng isang eryang rekoberi, at hindi kami nakahanap ng maaaring mag-alaga kay Ka Max sa kanyang kondisyon. Napagkasunduang dapat madala si Ka Max sa ospital sa lalong madaling panahon. Pero, may sabit sa plano ng paglabas ni Ka Max — kinakailangan niyang umangkas ng motorsiklo para makalagpas sa himpilan ng kaaway. Ngunit dahil sa tindi ng kanyang pagkalaglag, hindi na halos makayanan ni Ka Max ang umupo, kahit pa may kaagapay at may mga gamot pang-ampat ng sakit.

Sa kurso ng pag-iisip ng solusyon, iminungkahi ng isang kasama mula sa grupong medikal na gumawa ng "upuang balangkat" na makakatulong kay Ka Max na makaupo nang maayos. Ito ay para mapigilan ang pagbaluktot ng likod at gulugod ni Ka Max habang nakaupo, na siyang dahilan ng pananakit. Gamit ang upuang balangkat, mabilis na mabubuhat si Ka Max habang nakaupo siya nang diretso.

Napagkasunduan ng aming yunit na subukan ang plano. Isang kasamang magaling sa gawaing-kamay ang gumawa ng pasimundan ng upuang balangkat gamit ang ratan at iba pang mga nakikita sa paligid. Maraming pagbabago at pagsasaayos ang pinagdaanan para maiangkop ang katawan ni Ka Max sa upuan at maisama ang mga mungkahi ng mga kasama.

Sa totoo lang, naka-mamangha ang kinalabasan nito – isang upuang walang paanan, gawa sa ratan, na binalot ng mga kumot at bendang pang medikal, habang ang sandalan naman nito ay nilagyan ng *reflector* na pang-kotse. Pigil-hininga naming ipinuwesto si Ka Max sa upuang balangkat. Dalawang kasama ang umalalay sa magkabilang gilid ni Ka Max – sa bilang ng isa, dalawa, at tatlo – at naiangat namin siya nang nakaupo.

Ang resulta? Gamit ang upuang balangkat at gamot pang-ampat ng sakit, nakaupo si Ka Max nang kanya lang sa loob ng limang minuto! Tagumpay ang aming ginawang pansa-mantalang balangkat.

Kahit pa hindi na namin nagamit ang upuang balangkat (may biglaang pagbabago sa sitwasyong militar kaya napilitang magbago ng plano), ang mga karanasang kagaya nito ay nagpapakita lamang ng lawak ng espasyo para sa pagiging malikhain at mapamaraan sa loob ng Bagong Hukbong Bayan. Ang paglutas ng mga suliranin gamit ang siyentipikong kapamaraanan, ang malampasan ang mga limitasyon sa gamit sa pamamagitan ng diskarte – itong lahat ang naghihintay sa atin sa kanayunan. Halina at alamin mo mismo! ▼

ABR - HUN 2025

# Newsbytes

**Kabataan, kumasa sa Global Climate Strike.** Lumahok ang ilampung estudyante mula sa ilang paaralan sa Metro Manila sa Global Climate Strike noong Abril 11. Bitbit ang panawagan na "Kabataan, luntiang kinabukasan, ipaglaban!" at "Marcos singilin, Duterte panagutin!", binigyang-diin ng mga pagkilos ng Youth Advocates for Climate Action Philippines ang kaugnayan ng hustisyang pangklima at mga matitingkad na isyung panlipunan.

**Kapalpakan sa eleksyon, isiniwalat.** Halos isang daang boluntir, kabilang ang mga estudyante, propesyunal, at eksperto sa larangan ng IT, ang tumulong sa pagsusubaybay ng Vote Report PH sa pandaraya at kapalpakan sa reaksyunaryong eleksyon noong Mayo 12. Sa huling ulat nito, umabot sa 1,593 ang naberipikang ulat na natanggap noong Mayo 12 lamang. Higit kalahati nito ay ulat ng *automated counting machine error* o problema sa makina.

**Laban sa anti-mamamayan, anti-kapaligiran na polisiya.** Sa okasyon ng Pandaigdigang Araw para sa Kapaligiran noong Hunyo 5, tumungo sa Korte Suprema ang ilang makakalikasang grupo para kondenahin ang mga nakaraang desisyon ng reaksyunaryong estado ukol sa pagmimina at karapatan ng mangingisda. Sa pamumuno ng Kalikasan People's Network for the Environment at PAMALAKAYA, nanawagan ang mga aktibista para sa pagwawalambisa ng mga desisyon ng korte na pinahihintulutan ang pagwasak ng mga negosyo sa kalikasan at mga komunidad sa bundok at baybaying-dagat.

KULTURAL / TULA

# At kung nais mong tanawin ang kalikasan

Ka Nimfa

Kung nais mong tanawin ang mga halaman
Matatanong mo kaya kung ano ang kanyang kasarian?
Kung paanong pinili niyang umusbong sa kanayunan;
Sa lupa ng masang pinagsasamantalahan

Kung nais mong tanawin ang mga batis
Matatanong mo kaya kung ano ang kanyang kasarian?
Kung paanong pinili niyang bumukal sa gitna ng digmaan;
Sa lupang ninuno sa kanayunan

Kung nais mong tanawin ang matatayog na kakahuyan
Matatanong mo kaya kung ano ang kanyang kasarian?
Kung paanong tumayog ang ugat nito sa himagsikan
Sa lipunang pinanday ng pakikipaglaban

Kung nais mong tanawin ang kalikasan,
Wala itong kasarian.
Katulad ng mga minasaker at tinanggalan ng mga pangalan;
Ang mga kinitil ng estado't militar sa mahabang kasaysayan.

Walang pangalan.
Walang kasarian.
Walang pagkakakilanlan.
Ni anino ay hindi na matagpuan.

Ngunit isa ang tunay:
Batid ng kalikasan ang pagkamartir ng mamamayan.
Dugo ang pinandilig sa kanayunan;
At ito ang nagpausbong ng matayog na kasaysayan

—Ng himagsikan.

KULTURAL / DIBUHO

## Pagtindig at Pagwasto

Dres




KULTURAL / DIBUHO

## LAB, nag-ambag sa proyektong "Illustrations of Hope" ng NDFP

Kuliglig, Toni Murayaw, Cassandra Bigwas








KASAMA ANG MGA LIKHANG-SINING ng ilang mga miyembro ng LAB sa proyektong "Illustrations of Hope" *postcard set* ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Kada dibuho sa proyektong ito ay biswal na representasyon ng isang punto sa programa ng NDFP.

**KALIWA** *Ika-5 na punto ng programa ng NDFP;* **GITNA** *Ika-7 na punto;* **KANAN** *Ika-8 na punto.*

RECAP

# Serye ng pagkilos, inilunsad ng LAB sa panahon ng reaksyunaryong eleksyon

Ka Lily

MATAGUMPAY NA NAIKASA ng mga siyentista't inhinyero mula sa Liga ng Agham para sa Bayan (LAB) ang iba't ibang porma ng pagkilos at propaganda para patampukin na ang pambansa demokratikong rebolusyon, hindi ang reaksyunaryong eleksyon, ang tunay na solusyon sa nabubulok na malakolonyal at malapyudal na lipunan.

Kasama ang iba pang lihim na rebolusyonaryong organisasyong masa, lumahok ang ilang miyembro ng LAB sa isang raling iglap sa Divisoria, siyudad ng Maynila noong ika-29 ng Abril, bilang paggunita sa ika-52 anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines. Bitbit ang islogan na "Armadong rebolusyon ang tunay na solusyon", hindi bababa sa 200 katao ang nagmartsa sa nasabing pagkilos.

Bukod pa rito, nagkasa rin ang ilang yunit ng LAB ng Oplan Pinta at Oplan Dikit noong Mayo, ilang araw matapos ang pambansang eleksyon. Nagdisenyo ang mga kabataang siyentista ng LAB ng poster na idinikit sa sa iba't ibang unibersidad sa Metro Manila. Kasama rin sa pinakalat sa porma ng spray painting ang iba't ibang panawagan tulad ng "Isulong ang digmang bayan," "Rebolusyon, hindi eleksyon," at "Viva CPP-NPA-NDF" na makikita sa University of the Philippines Diliman.






Altermidya

Isa itong malaking sampal sa desperadong taktikang disimpormasyong ipinapalaganap ng estado na "paubos" na ang bilang ng mga rebolusyonaryo sa bansa. Pinatunayan ng mga aktibidad ng LAB at ng iba pang mga rebolusyonaryong organisasyon na patuloy pang lumalawak ang bilang ng mga rebolusyonaryong yumayakap sa kawastuhan ng digmang bayan. Hangga't umiiral ang mga saligang ugat ng kahirapan, tiyak na susulong ang demokratikong rebolusyong bayan. ▼













LAB - Manuel Dorotan